

# Talong

## Produksyon ng Talong sa Linang

Pamilya ng Solanaceae  
(kamatis, talong, patatas, *sweet pepper* at lahat ng klase ng sili)

### Sunod -tanim

Magtanim lamang ng mga gulay gaya ng pipino, ampalaya, milon, repolyo, petsay, labanos, mustasa, *broccoli*, *cauliflower*, letsugas at mais matapos mag-ani ng talong. Iwasang magtanim ng gulay na kamatis, at *sweet pepper*, at patatas.

### Panahon at Lupa

Ang talong ay nangangailangan ng temperatura na 21°-30°C, hindi tataas sa 35°C o bababa sa 18°C. Mahaba at malalim ang mga ugat nito. Maganda ang talong itanim sa lupang ma pH na 6-7, buhaghag, mabuhangin, mayabo at di naiipunan ng tubig.

### Paghahanda ng Lupa

Linisin at alisan ng damo at aruruhin ang kinakailangang lupa.

Gumawa ng kama na may lapad na 1 metro at taas na 20-30 sentimetro. Lagyan ng .5 metro na kanal sa pagitan ng mga kama.

Kalaykayin ang kama para mapantay bago lagyan ng plastic na kilib.

Ilatag ang plastik sa ibabaw ng kama (ang itim sa ilalim at sa ibabaw ang pilak). Ipitan ng tulos na kawayan o anumang meron na kahoy ang plastik sa magkabilang dulo at tabi na may agwat na 15-20 sentimetro.

Bataking mabuti ang plastik para di mag-init sa ilalim nito. Butasan ang plastik kada 50 sentimetro ng pa- zigzag gamit ang mainit na lata na may lamang nagbabagang uling.

Organikong kilib. Sa halip na plastik, maaari ding latagan ng 2.5 sentimetro kapal na anumang organikong kilib upang mapanatiling basa-basa ang lupa at di tubuan ng damo. Ang mga ito ay dahon ng hagonoy (*Chromolaena odorata*) magaling din para sa pagpuksa ng mga sakit ng halaman), dayami, ipa at dahon ng kakawate.



Kilib na plastik handa ng butasan para sa tanim.

### Paglilipat-tanim/Pag-istablisa ng pananim

Siguraduhing malusog, walang sakit at pesteng kulisap ang mga punla bago itanim. Maingat na hawakan ang mga punla upang di masira ang ugat. Maaari ng maglipat-tanim apat na linggo matapos ipunla at may 4-5 dahon na.

Isang araw bago maglipat-tanim, balutan ng plastik *straw* ang puno upang maiwasan ang paninira ng mga kriket at iba pang kulisap.

Maglipat-tanim sa hapon o umaga kung makulimlim. Itanim sa butas ang punla, tabunan ng lupa at marahang idiin upang tumibay ang punla.

**Diligan kaagad para masiguro ang magandang lapat ng ugat sa lupa.** Kung kinakailangan, diligan din ng fungicides ang puno ng bagong tanim.



Pagbabalag ng talong

### Pagbabalag

1. Dalawang linggo makalipat-tanim, lagyan na ito ng balag.
2. Magbaon ng posteng kawayan o ipil-ipil, 1.5 metro ang haba kada 2-3 metro ang pagitan sa kama ng talong.
3. Talian ng kawad ang poste .5 metro buhat sa lupa. Itali ng pisi ang mga puno ng talong sa kawad.
4. Kung namumunga na ang talong, itayo ang mga sanga at huwag hayaang patung-patong upang di pamugaran ng pesteng kulisap. Talian ng pisi ang mga nakalawit at mabibigat ng sanga para di ito maputol.


### Pangangalaga sa damo

Bungkalin ang lupa bago taniman upang mabawasan ang damo at di nakatiwangwang ang linang. Gumamit ng organikong kilib para mabawasan ang pagtubo ng damo. Kung nataniman na, gamasan ang taniman gamit ang panggamas.

Bombahin ng pamatay-damo (contact o systemic) ang mga kanal at pagitan ng bawat kama.

### Pag-aani ng talong

Anihin ang talong kada 3-4 na araw ayon sa kagustuhan ng mga mamimili. Pag-abot sa 55-65 na araw pagkalipat-tanim, ang mga bunga ay maari ng anihin. Ito ay tama na sa laki, may matingskad na kulay at makintab na balat, nguni't depende rin ito sa barayti at kagustuhan ng mga mamimimili.







Paggawa ng balag ng talong

Ang mura at magulang na talong ay madaling malaos, kaya't dapat ay sa tamang gulang ito pitasin

Mamitas ng talong sa umaga habang malamig pa ang panahon at ng di mag-init ang inani.

**Pamamahala sa pag-aabono, patubig, peste at mga sakit**

Yugto ng paglaki ng talong					
	Bago magtanim	Pagpupunla/ paglipat-tanim	Pagyabong ng halaman	Pamumulaklak/ pamumunga	Kagulangan
					
<b>Pag-aabono</b>	Bago maglipat-tanim, lagyan ng abono sa bawat butas na tataniman at ihalo ito sa lupa. Sa paglaki ng halaman, lagyan ng abono 1 pulgada ang layo sa puno ng halaman. Inatang huwag malagyan ng abono ang mga dahon upang di ito masunog. Ang karagdagang abono ay ilagay kada 2 linggo habang namumunga ang talong. Ilagay ang mga sumusunod na dami ng abono kada puno.				
<b>Panahon ng paglalagay</b>	Paglipat-tanim	1 linggo pagkalipat-tanim	2-4 na linggo pagkalipat-tanim	6 na linggo pagkalipat-tanim	Karagdagang pag-aabono
<b>Dami ng abono</b>	1 kutsara o 10 gramo <i>complete</i> (14-14-14 NPK) at 1 dakot na organikong pataba kada puno	Idilig sa puno ang tinunaw na 150 gramo ng <i>calcium nitrate</i> sa 8 litro ng tubig sa 3,6 at 9 na araw pagkalipat-tanim	10 gramo ng ammonium phosphate (16-20-0 NPK ) kada puno ika-2 at 4 na linggo; 10 gramo ng <i>complete</i> (14-14-14 NPK) kada puno sa ika-3 linggo pagkalipat-tanim	1 kutsara (10 gramo) ng <i>muriate of potash</i> (0-0-60) <i>complete</i> (14-14-14) sa ika-5,6,8 at 9 na linggo; 1 kutsara o 10 gramo ng <i>complete</i> (14-14-14 NPK) sa ika-7 at 10 linggo pagkalipat-tanim	Ulitin muli ang paglalagay kung kinakailangan.
<b>Pagdilig</b>	Linyahan ng tubo ng patubig ang bawat tudling. Ang agwat ng butas ng tubo ay 25 cm o mas malimit pa. Mainam na basaing mabuti ang lupa upang maganda ang pagtubo ng mga ugat ng halaman. Sa umaga lang magdilig, iwasan magdilig sa hapon upang di magkaroon ng pagkalat ng sakit na amag.				
		Diligan pagkatapos maglipat-tanim at ulitin araw-araw hanggang makabawi ang tanim 1-2 linggo.	Magdilig hangga't umabot ang basa sa lalim na 6 pulgada.	Magdilig 4-6 oras o hangga't basa na ang lupa kada 3-4 na araw. <b>Huwag hayaang matuyot ang mga halaman.</b>	Magdilig 4-6 oras o hangga't basa na ang lupa kada 3-4 na araw. <b>Huwag hayaang matuyot ang mga halaman.</b>
<b>Peste</b>	Regular na bisitahin ang halaman kung may peste ito. Mag ispray lamang ng rekomendadong pestisidyo kung kinakailangan.				
		Eggplant fruit and shoot borer (EFSB), aphids, flea beetles, mealy bug, mirid bug, thrips, mites, cutworm	Eggplant fruit and shoot borer (EFSB), aphids, flea beetles, mealy bug, mirid bug, thrips, mites, cutworm, lady beetles	Eggplant fruit and shoot borer (EFSB), aphids, flea beetles, mealy bug, mirid bug, thrips, mites, cutworm, lady beetles	Eggplant fruit and shoot borer (EFSB), aphids, flea beetles, mealy bug, mirid bug, thrips, mites, cutworm, lady beetles
<b>Sakit</b>	Para mabawasan ang pagkakasakit ng repolyo, gumamit ng malinis at walang sakit na punla. Sa paglipat-tanim, siguruhing malusog at walang sakit at peste ang mga punla.				
		Bacterial wilt, Fusarium wilt, blight, stem rot, bacterial spot	Bacterial wilt, Fusarium wilt, blight, stem rot, bacterial spot	Bacterial wilt, Fusarium wilt, blight, stem rot, bacterial spot, phomopsis	Anthracnose, phomopsis, bacterial wilt, Fusarium wilt, blight, stem rot, bacterial spot

### Paraan ng pamimitas ng talong

Gumamit ng matalas at malinis na pamputul sa tangkay ng talong.

Ipunin ang mga bungang may sira ng peste o may sakit, ilagay sa supot at ibaon sa lupa upang di na kumalat pa ang mga sakit at peste.

### Pangangalaga sa aning talong

Mga pamamaraan sa pangangalaga ng ani:

- Paghiwalayin ang maganda at may sirang talong upang maiwasan ang pagkalat ng sakit at pagkasira nito.
- Pagbukurin bawat grado ng bunga - laki, kulay o anumang kinakailangan ng
- mamimili upang makakuha ng magandang presyo sa pinakamagandang klase.
- Para makaiwas sa mga sira o sugat ng talong, huwag ibagsak o ihagis ang mga talong at kaladkarin ang lagayan ng pinitas.
- Huwag upuan o tapakan ang lagayan ng talong.
- Huwag siksikin ang lagayan para maraming magkasya o huwag din naman ang maluwig na lagayan nito.
- Para maiwasan ang mga galos o sugat ng talong, sapinan ng dahon ng saging, papel o damit ang mga karton o plastik na kahon o plastik na supot.

Ang aning talong ay madaling malaos kaysa ito ay nasa puno pa.

1. Mag-ani sa umaga o hapon habang malamig pa ang panahon.
2. Ilagak ang mga inaning talong sa malamig, kanlong at di naiinitang lugar.
3. Alisin ang mga bungang may sira ng kulisap at kakaiba ang anyo.
4. Pagsama-samahin ang magkakaparero ang laki, kulay at klase. Ibukod ang primera sa segunda klase ng talong. Ang primera klaseng talong ay mas maganda ang presyo kaysa sa mga segunda.
5. Isalansan ang talong sa karton o plastik na kahon o plastik na supot upang di ito magalusan o masira. Huwag yapakan o tuntungan ang mga talong.
6. Dalhin agad sa pamilihan ang mga talong. Kung maaari, ibiyahe ang talong sa gabi o umagang-umaga para makaiwas sa init. Ang pag-iimbak nito ay nakakabawas sa kalidad ng talong.
7. Alamin ang naging kalagayan ng paninda pagdating sa pamilihan, isang paraan ito para mapagbuti ang susunod na paninda.

### Kasunod na aksyon sa taniman

Ang mga pinag-anihan sa linang ay dapat alisin o bunutin at araruhin upang di ito tuluyang pamugaran ng mag pesteng kulisap at mga sakit na kakalat sa iba pang pananim. Ito ay napakahalaga!!!



Applied Horticultural Research Pty Ltd (AHR), the Australian Centre for International Agricultural Research (ACIAR) and NSW Department of Primary Industries (NSW DPI) make no representations and expressly disclaims all warranties (to the extent permitted by law) about the accuracy, completeness, or currency of information in this fact sheet. Users of this material should take independent action before relying on its accuracy in any way. Reliance on any information provided by AHR, ACIAR or NSW DPI is entirely at your own risk. AHR, ACIAR or NSW DPI are not responsible for, and will not be liable for, any loss, damage, claim, expense, cost (including legal costs) or other liability arising in any way from your use or non-use of information in this fact sheet, or from reliance on information AHR, ACIAR or NSW DPI provides to you by any other means.